**Panalangin para sa mga parokya at diyosesis**

Diyos ng mga nilikha , kami ay nananalangin para sa aming mga parokya at mga diyosesis, nawa ay pakinggan nila ang Daing ng Daigdig at itaguyod ang malinis na enerhiya , tiyakin ang malinis na tubig at hangin para sa lahat , pangalagaan ang lahat ng Iyong nilikha , at ang pagkasari-sari ng buhay at partikular , ang klima . Nawa ay muli naming matuklasan ang aming tunay na bokasyon bilang tagapangalaga ng ating nag-iisang tahanan at ng ating kapwa.

**Panalangin Para sa mga Pamilya**

Mapagmahal sa mga dukha , kami ay nananalangin para sa lahat ng pamilya na nawa, sila ay maging " isang lugar kung saan ang buhay na biyaya ng Diyos ay malugod na tanggapin at mapangalagaan ." Nawa ay higit pa silang maging mulat sa Daing ng mga Dukha at magsikhay tungo sa masaganang buhay para sa lahat lalo't higit sa mga mahihina at napabayaang miyembro ng aming karaniwang pamilya.

**Panalangin para sa mga ospital at mga Institusyong Pangkalusugan**

Mapagkalingang Panginoon , kami ay nananalangin na nawa , ang aming mga institusyon , lalong-lalo na ang mga ospital at mga sentro ng pangangalagang pangkalusugan ay higit pang magkaroon ng kakayahang kumalinga. Maunawaan nawa naming lahat at pahalagahan kung paanong magiging daan para mabuhay ang iba at guminhawa ang mga konkretong pagkilos at simpleng pamumuhay .

**Panalangin para sa mga paaralan at unibersidad**

Diyos ng karunungan at kabutihang -loob , tulungan Mo kami na " lumago sa pagkakaisa , responsibilidad at mahabaging pangangalaga." Maitaguyod nawa ng aming mga paaralan at unibersidad ang edukasyon na makatutulong upang mapumbalik ang "pagkakasundo sa aming mga sarili , sa iba , sa kalikasan at sa iba pang nilikha at sa Diyos.

**Panalangin para sa mga kilusan**

Santisima Trinidad , tulungan Mo ang aming mga kilusan ,NGOs , sentro ng kominikasyon at lahat ng pangkat na nagsisikhay para sa kapakanan ng lahat , na magkaroon ng ispiritwalidad ng pandaigdigang pagkakasundo na nagmumula sa Iyong misteryo , ang magkakaugnay-ugnay na komunidad ng pag-ibig.

**Panalangin para sa mga korporasyong Pang- ekonomiya**

Mapangalagang Diyos tulunga Mo kaming " mapagsama-sama ang iba't ibang larangan ng karunungan , kasama ang ekonomiya " at itaguyod ang " mga bagong

modelo ng integral na kaunlaran " . Nawa ay makagawa kami ng bagong pananaw na pang -ekonomiya para sa kabutihang panlahat. , " na walang napag-iiwanan."

**Panalangin para sa mga relihiyosong komunidad**

Diyos ng pakikipagkaisa , itulot mo nawa na kami ay maging pamayanan ng nagkakaisang pagkilos at adbokasiya , para sa Daigdig at para sa mga dukha . Tulutan mo ang mga relihiyosong komunidad higit lalo na maging tagapagpahayag ang mga pinunong lingkod ng pangangalaga ng ating nag-iisang tahanan at sa kapwa nating mga nangangailangan.